
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Talambuhay at Liham



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6 – Talambuhay at Liham**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maria Gina O. Moraña, Dolores R. Andalis
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Mark Anthony O. Taduran
**Tagalapat:** Brian Navarro
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Talambuhay at Liham

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.


Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang araw! May kanya kanyang kulay ang buhay ng tao. Ito man ay masaya, malungkot at matagumpay na mga karanasan dulot ito ng katotohanan at bunga ng sariling imahinasyon.

Kayo ay nasa murang edad pa lang na marami nang naransang magaganda at makabuluhan. Kaya mo bang maibahagi ito sa iba?

Sa papaanong paraan mo maibabahagi ang kuwento ng buhay mo? Sige, simulan na natin.



Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naibibigay ang sariling wakas ng talambuhay.

2. Naipapakita ang wastong paraan ng pagsulat ng sariling talambuhay at liham na humihingi ng pahintulot.

3. Nakasusulat ng sariling talambuhay at liham na humihingi ng pahintulot na magamit ang silid-aklatan.

## *Subukin*

Alam mo na ang mga inaasahang matutuhan mo sa araling ito. Ngayon naman ay nasubukan mo na bang magsulat ng kuwento tungkol sa iyong sarili? Ano-ano ang mga impormasyong nakapaloob dito?

**A.** Subukin mo ngang isagawa ang kasunod na gawain. Sikapin ding ibigay ang sariling wakas ng talata sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.

Handa ka na ba?

> Ako si ____________________________________________,
> ________________________ taong gulang. Ako ay anak nina
> _____________________ at ____________________.
>
> Nakatira kami sa _________________. Nag-aaral ako sa _________________ at nasa ___________________ baitang na. Mahilig akong maglaro ng ___________________ pero masipag din akong mag-aral.
>
> Sa bahay, kayang kaya kong gawin ________________________________________________________
> ________________________________________________________
> ____________________.

**B. Panuto:** Sumulat ng isang liham na humihingi ng pahintulot na magamit ang silid-aklatan para sa iyong pagsasaliksik tungkol sa kulturang Pilipino na inyong takdang-aralin sa Araling Panlipunan. Isulat ito sa isang malinis na papel.

| |
|---|
| ____________________<br>____________________<br><br>____________________<br>____________________<br><br>____________________,<br>          ____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br>          ____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br><br>____________________________<br>____________________________ |



**Kumusta?** Napunuan mo ba ang lahat ng hinihinging impormasyon?
Magaling! Maaari ka ng magpatuloy.

## *Balikan*

Sa kahusayan mong magbigay ng impormasyon hinggil sa iyong sarili madali mo nang masusundan ang mga panutong ibibigay namin sa susunod na pagsasanay para mabalikan natin ang nakaraang aralin.

Maghanap ka ng iyong mga larawan magmula nang ikaw ay isilang hanggang sa kasalukuyan, pasunod-sunurin mo ito ayon sa siklo ng iyong buhay.



Punan ng angkop na impormasyon.

| Idikit ang larawan ayon sa iyong edad | Karanasang di malilimutan |
|---|---|
| 1 taon | |
| 7 taon | |
| kasalukuyan | |

Alam kong matagumpay mong naisagawa ang gawain. Kaya, binabati kita.

Handa ka na ba sa bagong aralin? Magpatuloy ka na!



## *Tuklasin*

**A.** Ang pagbabago ng buhay ay nasasalamin sa mga pang araw-araw na gawain at mga karanasan. Gusto mo bang magbasa ng talambuhay ? Sige, simulan mo. Pagkatapos ng iyong pagbasa may mga katanungan kang sasagutin sa ibaba.

Bago ka magsimula sa pagbasa alamin mo muna ang kahulugan ng mga talasalitaan.Intindihin ang kahulugan ng mga salita sa hanay A at pillin ang titik ng wastong salita na tinutukoy sa hanay B.

| **A. Kahulugan ng salita** | **B. Talasalitaan** |
|---|---|
| 1. uri ng komunikasyon para sa isang tiyak na taong patutunguhan nito. | a. pahintulot |
| 2. isang akdang naglalahad ng kasaysayan o mahalagang tala sa buhay ng isang tao | b. makisalamuha |
| 3. mithiin ng isang tao na gustong maabot at magkaroon ng katuparan. | c. pangarap |
| 4. isang uri ng pagpayag o permiso | d. talambuhay |
| 5. pakikihalubilo, nakikisama sa mga tao sa iyong paligid | e. liham |

Galing! Mahusay mong nasagot ang gawaing paglinang ng talasalitaan. Ngayon naman, alam kong handa ka na sa pagbasa.

Tara, magbasa na tayo. Basahin at unawain ang Pangarap na Buhay ni Dion P. Latonio.



***Pangarap na Buhay***

*Ako si Dion P. Latonio, ipinanganak noong Nobyembere 10, 1999 sa Lungsod Iriga kina Girlie Perez at Choy Latonio. Mayroon akong isang kapatid, si Rina, ang aking mabait na ate.*

*Isa akong mahiyaing bata at bihirang makipagusap sa ibang tao. Kalimitan ako ay laging nasa kuwarto pag mayroong bisita sa aming bahay at kapag naman nasa ibang bahay ako ay laging nasa tabi o likuran ng aking mga magulang. Iyakin din ako. Ngunit sa paglipas ng panahon ay natuto na rin akong makisalamuha sa ibang tao lalo na noong ako'y nag-aaral na.*

Bago natin ipagpatuloy sagutin muna natin ang ilang katanungan***:***

1. *Sino ang nagsasalaysay sa binasa?*
2. *Saan siya nakatira?*
3. *Paano siya natutong makisalamuha sa ibang tao?*

Upang mas lalo mong maunawaan,ipagpatuloy ang pagbasa sa mga susunod na talata.

*Sa paaralan, nagkaroon ako ng mga kaibigan na nagsilbing isa sa naging inspirasyon sa pag-aaral kung kaya't nagkamit din ng mga pagkilala o "recognition" tuwing magtatapos ang panuruan. Natapos ko ang elementarya at hayskul sa Iriga Integrated School. Sa kolehiyo naman ay sa Pamantasan ng Bicol. Marami akong naging hilig ngunit ang pinakagusto ko ay ang paglaro ng basketbol. Subalit, ang pag-aaral ang aking naging tuon sa buhay sa paniniwalang ito ang daan sa pagkamit ko ng aking mga pangarap sa buhay.*

*Ngayon sa edad na 24, ako'y isa nang ganap na engineer at nagtatrabaho na sa malaking kompanya. Lalo pang dumami ang aking mga kaibigan. Pokus ako sa aking trabaho sapagkat marami pa akong dapat matutuhan. Sinasabi nilang matagumpay na raw ako dahil sa aking katungkulan at magandang kotse ngunit para*

*sa akin, utang ko ang lahat na ito sa aking mapagkalingang pamilya. Higit sa lahat, sa ating Panginoong Diyos.*

Naintindihan mo ba ang iyong binasa? Kaya mo pang sagutan ang nasa ibaba?

4. Saan siya nakahanap ng kanyang mga kaibigan?
5.-7 Saan siya nagtapos ng kanyang Elementarya, Sekondarya at Kolehiyo?
8. Ano ang natapos niya sa sa kanyang pag-aral?
9. Naging matagumpay ba siya sa kanyang buhay?
10. Kanino niya inialay ang bunga ng kanyang pinaghirapan?

Naintindihan mo ba ang talambuhay na iyong binasa?
Magaling! Dahil magiging gabay ito sa iyong pagsulat ng sariling talambuhay o maging talambuhay ng iba.



**B.** Natapos na tayo sa pagbasa ng talambuhay. Ngayon naman ay pag-aralan natin ang pagsulat ng liham pahintulot. Nakapasok na ba kayo sa silid -aklatan? Sa pagpasok dito kailangan natin humingi ng pahintulot. Kailangan nating gumawa ng liham pahintulot. Alamin natin kung paano ang pagsulat nito. Tara, simulan na!

Basahin at unawain ang liham sa ibaba.

Iriga Central School
Lungsod Iriga
Setyembre 23, 2021

*Juvy M. Cortez*
*Katiwala ng Aklatan*

*Mahal na Bb. Cortez,*

*Magandang araw po. Ang pangkat ng mag-aaral sa baitang 4 ng aming paaralan ay naatasang gumawa ng proyekto sa paggamit ng mga sanggunian sa silid-aklatan.*

*Kaugnay nito, kami po ay humihingi nang pahintulot na gumamit ng silid-aklatan upang makapanaliksik ng mga impormasyong kailangan sa aming proyekto.*

*Umaasa po kami sa inyong pahintulot. Maraming salamat po.*

*Lubos na gumagalang,*

*Regine Anne D. Andalis*

Batay sa nabanggit na liham. Sagutin ang mga tanong.

Isulat ang letra ng tamamg sagot sa inyong papel.

1. Sino ang sumulat ng liham?
   A. Gng. Juvy Cortez
   B. Reginne Anne Andalis
   C. Gng. Girlie Penales
   D. Iriga Central School

2. Kanino siya sumulat?
   A. Gng. Juvy Cortez
   B. Gng. Girlie Penales
   C. Reginne Anne Andalis
   D. Iriga Central School

3. Bakit siya sumulat ng liham sa katiwala ng aklatan?
    A. para makigamit ng computer sa laboratory
    B. para magbayad ng utang sa canteen
    C. para makigamit ng silid-aklatan
    D. para makapaglaro chess sa silid-aklatan

4. Paano niya sinulat ang kaniyang liham?
    A. sa pamamagitan ng pagtawag sa kaklase
    B. sa pamamagitan ng wasto at magalang na pagsulat ng liham na humihingi ng pahintulot
    C. sa pamamagitan ng pagsama sa magulang sa paaralan
    D. sa pamamagitan ng pagdikit ng larawan sa silid-aklatan

5. Ano ang tawag sa liham na kaniyang sinulat?

| | |
|---|---|
| A. liham imbitasyon | C. liham pahintulot |
| B. liham pangkaibigan | D. liham pagtanggap |

6. Sa iyong palagay, pahihintulutan kaya sila ni Gng. Juvy I. Cortez na makagamit ng silid-aklatan para sa kanilang pananaliksik? Bakit?
    A. Hindi po, dahil hindi tama ang kanilang liham na ginawa.
    B. Opo, dahil naging maayos at magalang ang kanilang liham.
    C. Opo, sapagkat marami silang gagamit na magkakaklase.
    D. Hindi po sapagkat kulang na ang aklat sa kanilang silid.

7. Mahalaga bang matutuhan ang pagsulat ng liham-pahintulot? Bakit?
    A. Hindi po, dahil maaari naman pong magsabi nalang ang magulang.
    B. Opo, dahil isa ito sa mga tuntuning dapat sundin sa tamang paggamit ng mga silid-aklatan.
    C. Hindi po, sapagkat mahirap ang paggawa ng liham na ito.
    D. Opo, sapagkat ang karunungang ito ay magagamit pa natin sa ating paglaki.

Nasagutan mo ba? Magaling! Ang tawag sa liham inyong pinag-aralan ay liham paghingi ng pahintulot. Ito ay ginagawa upang pormal na humingi ng pahintulot o permiso para sa isang gawain.



## *Suriin*

Balikan muli natin ang talambuhay na nasa itaas. Anong mga impormasyon ang inilahad dito?

**Tama!** Ang mga impormasyon na nakalahad sa inyong binasa ay ang: *pangalan, kapanganakan, edad, tirahan, pangalan ng magulang, paaralan, mga hilig, maging pangarap sa buhay.* Ang mga impormasyong ito ang karaniwang nilalaman ng isang talambuhay.

***Ano ang talambuhay?***

Ang *talambuhay* ay salaysay ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao, mula sa kaniyang kapanganakan hanggang sa kasalukuyan o hanggang sa kaniyang kamatayan. Inilalahad sa talambuhay kung paano napagtagumpayan ng tao ang mga hamon sa kaniyang buhay. Ito ay pagkukuwento sa paraang pagsulat ng buhay ng isang tao o ang sarili mong buhay. Madalas na ito ay kapupulutan ng inspirasyon ng mga nagbabasa.

Sa Pagsulat ng talambuhay, maaaring ilagay ang sumusunod na detalye.



- Pangalan
- Tirahan
- Kapanganakan, edad
- Pangalan ng Ina at ng ama
- Pangalan ng mga kapatid
- Mga pangarap sa buhay
- Antas ng Edukasyon
- Hilig o paboritong gawain
- Kasalukuyang trabaho o ginagawa

**May dalawang uri ang Talambuhay**

1. **Pansarili** – Kung ang manunulat mismo ang nagsusulat ng tungkol sa kanyang buhay. Halimbawa nito ay ang binasa natin sa itaas.
2. **Pang-iba** – kung iba ang magsusulat tungkol sa buhay ng isang tao. Karaniwang ang paksa sa uring ito ay taong kilala o hinahangaan dahil sa mga nagawa o nakamit niyang maaaring kapupulutan ng aral o inspirasyon ng mga makababasa nito. Halimbawa nito ay ang talambuhay ng ating mga bayani, mga naging pangulo ng bansa o kahit ang mga sikat na artista o manlalaro na ating hinahangaan.

**A**. Ating tunghayan ang isa pang halimbawa ng talambuhay. Tingnan natin kung ang lahat ng impormasyon ay nakalahad sa babasahin ninyo?

***Si Manny Pacquiao***

*Tinaguriang "Pambansang Kamao" si Emmanuel "Manny" Dapidran Pacquiao. Isa siya sa kinikilalang mahusay sa boxing sport sa buong mundo. Ipinanganak siya noong Disyembre 17, 1978 sa Bukidnon. Naninirahan siya sa General Santos City, South Cotabato. Napangasawa niya si Jinkee Pacquiao at sila ay biniyayaan ng apat na anak.*

*Si "Manny" ay isang taong puno ng pangarap at determinasyon. Sa edad na labing-anim nagsimula siya sa boksing. Hinangaan ang kaniyang husay. Ipinakita niya ang kaniyang lakas at galing. Dahil dito, kabi-kabila ang kaniyang naging pagkapanalo. Kaya sumabak siya sa mga laban ng boksing sa iba't ibang panig ng mundo. Hindi naman siya nabigo at nakamit niya ang pagiging kampeon.*

*Sinubukan ni Manny ang pagpasok sa politika bilang senador ng bansa noong taong 2016. Isa siya sa mga nagwagi. Kaya naman, ngayon ay isa siyang mabuting senador na naglilingkod sa mamamayang Pilipino ng Pilipinas.*

Tandaan na sa pagsulat ng talambuhay, para ka lamang nagkukwento ng iyong sariling buhay o ng buhay at karanasan ng iba.



Anong mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?

Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

___ Lubos na naunawaan
___ Naunawaan
___ Naguluhan

Ngayon ating alamin ang kahulugan ng liham pahintulot.

Ang ***liham pahintulot*** ay isang liham na humihingi ng pahintulot na gawin o gamitin ang isang bagay o lugar. Tulad ng ibang liham, kailangang kompleto rin ang mga bahagi ng liham dito. Mapapansin sa halimbawang liham na ang tono ng pakikipag-usap ay magalang. Nakasaad dito ang dahilan kung bakit humihingi ng pahintulot o kung ano ang dahilan ng paggamit nila ng silid-aklatan. Ang liham kung matanggap na ng namamahala ng silid-aklatan, ay magsisilbing tala (record) ng kanilang tanggapan tungkol sa mga taong gumagamit ng kanilang pasilidad.

May mga bahagi ng liham na ipapakilala ko sa inyo at ito ay ang mga sumusunod:

- **Pamuhatan** – Dito matatagpuan ang datos ng sumulat kagaya ng tirahan o lugar at petsa ng pagsulat.
- **Bating Panimula** – Bati ng sumulat sa kaniyang sinusulatan.
- **Katawan ng Liham** – Layunin sa pagsulat o mensahe nito.
- **Bating Pangwakas** – Magalang na pagwawakas ng liham.
- **Lagda** – Pagpapakilala kung sino ang sumulat ng liham.

Narito ang isang halimbawa:

1. Pamuhatan

Iriga Central School
Lungsod Iriga
Oktubre 22, 2021

Gng. Juvy I. Cortez
Katiwala ng Aklatan

2. Bating panimula

Mahal na Gng. Cortez,

Magandang araw po. Ang pangkat ng mag-aaral sa baitang 4 ng aming paaralan ay naatasang gumawa ng proyekto sa paggamit ng mga sanggunian sa silid -aklatan.

3. Katawan ng Liham

3. Katawan ng Liham

Kaugnay nito, kami po ay humihingi nang pahintulot na gumamit ng silid-aklatan upang makapanaliksik ng mga impormasyong kailangan sa aming proyekto.

Umaasa po kami sa inyong pahintulot. Maraming salamat po.

4. Bating pangwakas

Lubos na gumagalang,

5. Pangalan at lagda ng sumulat

Regine Anne D. Andalis

**Tandaan...**

- Tandaan ang **angkop na bantas** na ginagamit sa mga bahagi ng liham; ito ay ang kuwit, tuldok at wastong gamit nang maliit at malaking letra.
- Ang pamuhatan ang unang isusulat. Pansinin ang bahagi nito sa itaas.
- Sa pagsulat ng liham pahintulot, alamin ang buong pangalan at katungkulan ng padadalhan ng liham.
- Gamitan ng bantas na kuwit pagkatapos ng bating panimula. Kuwit din pagkatapos ng Bating pangwakas.
- Sa katawan ng liham mo sasabihin ang pakay o mensahe ng liham. Linawin ang layunin ng paghiram ng aklat o paggamit ng silid-aklatan. Maaari ring banggitin kung may iba pa kayong petsa ng paggamit ng silid-aklatan.
- Huwag kalimutang tuldukan ang huling pahayag sa inyong liham.
- Sa pagtatapos ng liham, huwag kalilimutang isulat ang buong pangalan at ang inyong lagda.

Ngayong alam mo na ang mahalagang sangkap sa pagsulat ng talambuhay at liham pahintulot, dadako na tayo sa susunod na gawain. **Tara na**!



## *Pagyamanin*

A. Muli mong balikan ang talambuhay na nasa itaas. Isulat ang iyong sariling talambuhay sa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang impormasyon sa mga puwang.

**Ang Aking Talambuhay**

Ako si ____________________ na may edad na ______ taong gulang. Ang nanay ko ay si __________ at ang tatay ko naman ay si _______________. Sa ngayon, ako nasa ika___ na baitang sa paaralan ng ______________________.

Tuwing walang pasok, hilig kong maglaro ng ___________ kasama ang aking mga kaibigan. Sa aking paglaki, pangarap kong maging isang ganap na __________ kung kaya't pagbubutihin ko ang aking pag-aaral sa ngayon.

B. Sumulat ng maikling talambuhay tungkol sa iyong nanay at tatay batay sa pagkakakilala mo sa kanila. Isulat ito sa papel.

____________________

________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
________________________.


________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.

Saang pagsasanay ka nahirapan?
___ Pagsasanay A
___ Pagsasanay B

Gayunpaman, binabati kita sa iyong tagumpay!

Alam kong nagawa mo nang maayos ang Gawain A at Gawain B kaya't madali rin para sa iyong gawin ang Gawain C upang pagyamanin pa ang iyong kaalaman. At kung nahirapan ka naman maaari mong balikan ang mga aralin at gawin muli ang mga pagsasanay.



C. Aayusin mo ngayon ang isang liham. Isulat mo ang wastong pagkakasunod-sunod nito sa iyong sagutang papel.

Mahal kong Guro,

Paaralang Sentral ng Iriga
Lungsod Iriga
Oktubre 9, 2021

Gumagalang,
Jeck D. Getizo

Bb. Leah De la Rama
Katiwala ng Aklatan

Magandang araw po, ang inyo pong lingkod ay humihingi nang pahintulot na

makagamit ng silid aklatan sa darating na Martes, Oktubre 15, 2021, alas-dos

ng hapon bilang paghahanda sa aking nakatakdang kontes tungkol sa Kasaysayan ng Pilipinas.

Sana po ay pahintulutan mo po ako.

Maraming salamat po.



Napakagaling mo! Malapit mo nang matapos ang araling ito. Iwasto mo ang iyong sagot sa pahina ng Susi sa Pagwawasto.



## *Isaisip*

Ngayong alam mo na ang tamang pamamaraan sa paggawa ng talambuhay at liham pahintulot, punan mo ang tsart sa ibaba. Isulat ang iyong natutunan at ang kahalagahan nito.

| Natutunan ko | Kahalagahan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Nasiyahan ka ba sa iyong ginawa? Napakagaling mo talaga. Binabati kita sa iyong tagumpay.

Maari ka nang magpatuloy sa susunod na gawain.



## *Isagawa*

**A.** Pag-aralang mabuti ang sumusunod na balangkas ng datos. Mula sa mga datos na ito, sumulat ng Talambuhay ni Dr. Jose Rizal. Gawin ito sa papel.

I. Buong pangalan: Jose Protacio Rizal Mercado y Alonzo Realonda

II. Pagsilang
   - A. Mga Magulang
      1. Francisco Engracio Rizal Mercado y Alejandro
      2. Teodora Morales Alonzo Realonda y Quintos
   - B. Pook at Petsa
      1. Calamba, Laguna
      2. Hunyo 19, 1861


III. Mga Paaralang Pinasukan
   - A. Ateneo Municipal
   - B. Pamantasan ng Sto. Tomas
   - C. Universidad Central de Madrid

IV. Mga Kursong Natapos
   - A. Batsilyer sa Sining
   - B. Pilosopiya at Panitikan
   - C. Medisina

V. Ilan sa mga dayuhang wikang alam niya
   - A. Pranses
   - B. Italyano
   - C. Latin

**Magaling!**

Naisulat mo ba nang maayos ang talambuhay ni Dr. Jose P. Rizal? Ngayong ikaw ay hasa ng magsulat. Upang mas lalo mong matuklasan ang galing mo pagsulat, gagawa ka ng liham pahintulot.



**B.** Sumulat ng liham-pahintulot batay sa mga datos mula sa kahon. Isulat sa iyong sagutang papel.

A. Lubos na gumagalang,
B. San Isidro Elementary School, Lungsod Iriga
Nobyembre 19, 2020
C. Minamahal kong Bb. Latonio,
D. Kung maaari po sana ay payagan kaming gumamit ng silid-aklatan ng ating lungsod tuwing tanghali para sa aming pananaliksik sa asignaturang Filipino.
E. Angelo Jose L. Penales
F. Bb. Girlie Marie V. Latonio
Namamahala ng Silid-aklatan ng Iriga



Yeheey, magaling ka na talagang magsulat. Binabati kita. Handang handa ka na sa susunod na gawain.



## *Tayahin*

**A.** Ibigay ang mga datos/pormularyo batay sa iyong sariling impormasyon at pagkatapos sumulat ka ng iyong sariling talambuhay.

- Pangalan ____________________
- Tirahan ____________________
- Kapanganakan ____________________
- Pangalan ng ina ____________________
- Pangalan ng ama ____________________

- Pangalan ng mga kapatid ___________________
- Paaralang Pinapasukan ___________________
- Hilig o paboritong gawain ___________________
- Pangarap na nais makamit ___________________

| |
|---|
| ______________________ <br> Pamagat <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________. <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________. <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________ <br> ______________________________________________________. |

Ngayon naman ay gagawa ka ng isang liham pahintulot na makagamit ng inyong silid-aklatan sa paaralan batay sa sumusunod na sitwasyon.

Isulat ito sa malinis na papel.

Sitwasyon:

Ang grupo mo ay naatasang gumawa ng pananaliksik sa Investigatory Project nyo sa Agham kung kaya't kailangan ninyong gumamit ng silid-aklatan sa Nobyembre 24, 2020. Bago kayo makapasok dito kailangan mong humingi ng pahintulot sa inyong librarian na si Gng. Dhoralyn V. Albalate.


Gamitin mo ang rubrik sa sunod na pahina

| *Rubrik sa pagsulat ng liham-pahintulot* | |
|---|---|
| 10 pts | *-kompleto at maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng liham*<br>*-may wastong bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra*<br>*-malinaw na nakasaad ang layunin ng liham* |
| 9 pts | *-kompleto ang mga bahagi ng liham subalit nagkamali sa ibang bantas* |
| 7-8 pts | *-kulang o hindi nasa ayos ang mga bahagi ng liham* |
| 5-6 pts | *-kulang o hindi nasa ayos ang mga bahagi ng liham*<br>*-may konting kalabuan sa mensahe ng liham* |
| 1-4 pts | *-kailangan pang ayusin/baguhin ang liham* |

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsasanay. Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐





## *Karagdagang Gawain*

**A.** Upang lubusang malinang ang iyong kakayahan sa pagsulat ng talambuhay at liham pahintulot kinakailangan ang masusing pagsasanay.

Makipanayam sa isang kaibigan o hinahangaang kapamilya at batay sa kaniyang kuwento, isulat ang kaniyang talambuhay.

- Pangalan
- Tirahan
- Kapanganakan

- Pangalan ng Ina
- Pangalan ng ama
- Pangalan ng mga kapatid
- Antas ng Edukasyon
- Mga karangalang natanggap o mga problemang nalampasan sa buhay
- Hilig o paboritong gawain
- Kasalukuyang gawain/trabaho

**B.** Ngayon naman upang mas lalong mahasa ang kaalaman mo sa pagsulat gawin ang pagsasanay sa ibaba.

A. **Panuto:** Sumulat ng liham na humihingi ng pahintulot na makahiram ng mga aklat sa aklatan sa inyong bayan o lungsod (municipal/city library) para sa iyong dadaluhang paligsahan tungkol sa Panitikan ng Pilipinas.

B. **Panuto:** Naatasan kang ibahagi at iulat sa klase ang tungkol sa iyong paboritong akda sa Filipino. Sumulat ng liham na humihingi ng pahintulot sa may-akda o awtor ng akdang iyong gagamitin sa pag-uulat sa klase.

Malugod na pagbati! Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa araling ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



# Susi sa Pagwawasto

**A. Subukin (Modelong sagot:**

Ako si (**Regine Rose D. Andalis), 10**) sampung taong gulang. Ako ay anak nina (**Regino R Andalis at Mary Ann D. Andalis).**

Nakatira kami sa (San Isidro, Lungsod ng Iriga). Nag-aaral ako sa (Paaralang Sentral ng Iriga) at nasa( **ikaapat**) na baitang . Mahilig akong maglaro ng ( **patintero**)peromasipag din akong mag-aral. Ako yan.

**B. modelong sagot**

Paaralang Sentral ng Iriga
Lungsod ng Iriga
Oktubre 20, 2021

Ginoong Hidito C. Dorosan
Namamahala ng Silid-aklatan ng
Paaralang Sentral

Ginoong Dorosan,

Maari po ba kaming gumamit ng silid-aklataan sa ating paaralan tuwing tanghali para sa aming pananaliksik sa asignaturang Filipino? Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

SYFIAH D. ALCANTARA

Rubrik

5 points kung lahat na puwang ay napunan ng tamang sagot
4 points kung 7 puwang lamang ang may tamang sagot
3 points kung 5-6 lamang ang may tamang sagot
2 points 2-4 lamang ang nasagutan
1 point kung isang puwang lamang ang nasagutan

**TUKLASIN**

| A. | B. | C. | |
|---|---|---|---|
| 1. E | 1. Dion P. Latonio | 1. b | |
| 2. D | 2. Lungsod ng Iriga | | 2. a |
| 3. C | 3. Noong siya ay nag-aaral | 3. c | |
| 4. A | 4. Paaralan | | 4. B. |
| 5. B | 5. Iriga Integrated School | 5. c | |
| **B**. | 6. Iriga Integrated School | 6. b | |
| | 7. Pamantasan ng Bikol | 7. b | |
| | 8. Engineer/ing | | |
| | 10. pamilya, Panginoong Diyos | | |

**PAGYAMANIN (modelong sagot)**

Paaralang Sentral ng Iriga
Lungsod Iriga
Oktubre 9, 2020

Bb. Leah De la Rama
Katiwala ng Aklatan

Mahal kong Guro,

Magandang araw po, ang inyo pong lingkod ay humihingi nang pahintulot na makagamit ng silid aklatan sa darating na Martes, Oktubre 15, 2020, alas-dos ng hapon bilang paghahanda sa aking nakatakdang kontes tungkol sa Kasaysayan ng Pilipinas.

Sana po ay pahintulutan mo po ako. Maraming salamat po.

Gumagalang,
Jeck D. Getizo

**Ang Aking Talambuhay (modelong sagot)**

Ako si **Diane T. Cruz** na may edad na **10** taong gulang. Ang nanay ko ay si **Maria T. Cruz** at ang tatay ko naman ay si **Oscar T. Cruz.** Sa ngayon, ako nasa **ikaapat** na baitang sa paaralan **Mababang paaralan ng Sta Elena.**
Tuwing walang pasok, hilig
kong maglaro ng **Tennis** kasama ang aking mga kaibigan. Sa aking paglaki, pangarap kong maging isang ganap na **guro** kung kaya't pagbubutihin ko ang aking pag-aaral sa ngayon.

**Isagawa (modelong sagot)**

Si Jose Protacio Rizal Mercado y Alonzo Realonda.Si Francisco Engracio Rizal y Alejandro ang pangalan ng kanyang tatay at Teodora Morales Alonzo Realonda y Quintos ang pangalan ng kanyang Nanay.Siya ay isinilang sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861.Ateneo Municipal, Pamantasan ng Sto.Tomas at Universidad Central de Madrid ang pangalan ng mga paaralan kung saan siya pumasok.

Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sining, Pilosopiya at Panitikan at Medisina.Ito ay ilan sa mga dayuhang wikang alam niya: Pranses, Arabe, Espanyol Tsino Ingles, Aleman, Griyego, Italyano, Latin at Portuges.

**TAYAHIN**

(Tingnan ang rubriks na may 10 points)

**Karagdagang Gawain**

(Nasa guro ang pagwawasto. Maari niyang gamitin ang rubrik sa Tayahin)

## *Sanggunian*

Agarrado, Patricia Jo C., et.Al. 2016. Alab Filipino 5, p. 76

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Ikalawang Kwarter, Linggo 9 Araw 5 pahina 249-252

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph